Ang sinumang nag-iwan ng tatlong [ṣalāh sa] Biyernes dala ng pagwawalang-bahala, magpipinid si Allāh sa puso niya."}

Ayon kay Abu Al-Ja`d Aḍ-Ḍamrīy (malugod si Allāh sa kanya), na nagkaroon ng pagkakasamahan [ng Propeta]: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nag-iwan ng tatlong [ṣalāh sa] Biyernes dala ng pagwawalang-bahala, magpipinid si Allāh sa puso niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nag-iwan ng ṣalāh sa Biyernes nang tatlong ulit dala ng pagwawalang-bahala at dala ng pagkukulang nang walang maidadahi-dahilan, magpapasak at magtatakip si Allāh sa puso niya sa pamamagitan ng paghadlang sa pagpapaabot na kabutihan sa kanya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65768